# Mga Programa para sa Paggamot ng Opioid

COUNTY OF SAN DIEGO HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY | LIVE WELL SAN DIEGO

## Paggamit at Pagkalulong sa Opioid

Ang pagkalulong sa opioid, kilala rin bilang Sakit dahil sa Paggamit ng Opioid, ay isang seryosong medikal na kondisyon na nakakaapekto sa milyun-milyong tao sa buong bansa. Kasama sa mga opioid ang heroin, fentanyl, at malalakas na painkiller na maaaring ireseta ang mga medikal na provider para maibsan ang pananakit para sa isang kondisyon sa kalusugan o pinsala. Gayunpaman, lubhang nakakagumon ang mga opioid at maaaring magresulta sa mga matinding panganib, tulad ng overdose at kamatayan.

Maaaring nakakasama ang resulta nito sa katawan at kalusugan ng isip, ngunit posibleng gumaling mula rito. Makakatulong ang paggamot. Para malaman ang tungkol sa mga opsyon sa paggamot, tawagan ang San Diego Access & Crisis Line sa 1-888-724-7240.

## Paggamot para sa Sakit dahil sa Paggamit ng Opioid

Bago mo simulan ang paggamot, kakausapin ka ng iyong provider tungkol sa mga opsyon mo, na maaaring kabilangan ng:

- **Gamot para sa Paggamot sa Pagkalulong**
- **Pagpapayo o Mga Behavioral Therapy**
- **Pantahanan o Pang-ospital na Paggamot**



I-scan ang QR code o bisitahin ang **bit.ly/sudoutpatient** para sa higit pang impormasyon sa iba pang mga Pang-outpatient na programa sa Pang-aabuso sa Paggamit ng Droga o Pag-inom ng Alak

1/16/25

**Mga Programa para sa Paggamot ng Opioid (Opioid Treatment Programs, mga OTP)**
ay kilala rin bilang mga Programa sa Paggamot ng Narkotiko at nagbibigay ng Gamot para sa Paggamot sa Pagkalulong sa outpatient na basehan para sa mga taong may Sakit dahil sa Paggamit ng Opioid. Ang ganitong uri ng paggamot ay nagbibigay ng pamamaraan ng paggamot na nakatuon sa buong pasyente sa pamamagitan ng pagsasama ng behavioral therapy at gamot, na nagpakita na dinaragdagan ang tiyansa mong gumaling nang matagumpay.

Nagbibigay din ang mga OTP ng pangangasiwa ng pangangalaga, na nag-uugnay sa iyo sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip, medikal at iba pang mga serbisyo para suportahan ka sa pagtugon sa iyong mga pangangailangan at pagkamit ng iyong mga layunin.

**Para sa mga kwalipikadong kliyente na nakakaranas ng kawalan ng tirahan o matinding pangangailangan ng pabahay,** makakatulong din ang mga OTP sa pagbibigay ng pabahay sa mga *tirahan para sa paggaling*.

Ang **mga recovery residence** ay mga tahanan na pribadong pagmamay-ari o mga complex na nagbibigay ng pansamantalang pabahay para sa mga nasa hustong gulang na mayroong sakit dahil sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak o kasamang sakit dahil dito.

### Pakikipag-ugnayan sa Mapagkukunan

**Tumawag sa 1-888-724-7240** para makipag-ugnayan sa **San Diego Access and Crisis Line** para sa libre at kumpidensyal na suporta at tulong sa pag-navigate sa mga serbisyo, na available nang 24/7 sa mahigit 200 wika.

**Tumawag sa 9-8-8** para kumonekta sa pambansang **Suicide & Crisis Lifeline** na network ng mga call center para sa krisis.

# Mga Programa para sa Paggamot ng Opioid

## Pagpapaggamot sa isang OTP ng County ng San Diego

Maaari kang makatanggap ng paggamot para sa Sakit dahil sa Paggamit ng Opioid sa isang Programa sa Paggamot sa Opioid (Opioid Treatment Program, OTP) ng County ng San Diego kung:

- Mayroon kang Sakit dahil sa Paggamit ng Opioid, at
- Kwalipikado ka sa Medi-Cal, walang insurance o napakababa ng kita.

## Mga OTP ng County ng San Diego

Maaaring matanggap ang mga serbisyo sa pamamagitan ng pagpunta sa anumang lokasyon saan ka man nakatira sa iyong county. Ang lahat ng nakalistang programa ay pinaglilingkuran ang kabataan, mga nasa hustong gulang at mga buntis na kliyente, maliban kung may ibang sinabi. Ang mga buntis na kliyente at mga gumagamit ng gamot na ibinibigay sa pamamagitan ng ugat (intravenous) ay binibigyan ng prayoridad para tanggapin. Tawagan ang programa para sa higit pang impormasyon.

Ang mga programang may tanda ng 🏠 ay nagbibigay ng mga paglalagyan na recovery residence para sa kanilang mga kliyente.

### Hilagang Inland na Rehiyon

**Escondido Comprehensive Treatment Center** 🏠
161 N. Date St.
Escondido, CA 92025 Telepono: (760) 745-7786

**Capalina Comprehensive Treatment Center** 🏠
1560 Capalina Rd.
San Marcos, CA 92069 Telepono: (760) 744-2104

### Hilagang Baybayin na Rehiyon

**Oceanside Comprehensive Treatment Center** 🏠
1906 Apple St., Suite 3
Oceanside, CA 92054 Telepono: (760) 547-1280

**SOAP MAT, LLC** 🏠
1939 W. Vista Way
Vista, CA 92083 Telepono: (760) 305-7528

### Katimugang Rehiyon

**Chula Vista Comprehensive Treatment Center** 🏠
1155 Third Ave.
Chula Vista, CA 91911 Telepono: (619) 498-8260

### Sentral na Rehiyon

**El Dorado Community Service Center** 🏠
1733 Euclid Ave.
San Diego, CA 92105 Telepono: (619) 263-0433

**SOAP MAT, LLC** 🏠
6425 University Ave.
San Diego, CA 92115 Telepono: (760) 305-7528

### Hilagang Sentral na Rehiyon

**San Diego Comprehensive Treatment Center** 🏠
8898 Clairemont Mesa Blvd., Suite H
San Diego, CA 92123 Telepono: (858) 715-1211

**Fashion Valley Comprehensive Treatment Center** 🏠
7545 Metropolitan Dr.
San Diego, CA 92108 Telepono: (619) 718-9890

### Silangang Rehiyon

**El Cajon Comprehensive Treatment Center** 🏠
234 North Magnolia Ave.
El Cajon, CA 92020 Telepono: (619) 579-8373

**Revive Pathway**
*An Indian Health Care Provider and Tribal 638 Provider*
1240 Broadway
El Cajon, CA 92021 Telepono: (619) 841-1310
*Naglilingkod lang sa mga nasa hustong gulang na 18+*

### akipag-ugnayan sa Mapagkukunan

**Tumawag sa 1-888-724-7240** para makipag-ugnayan sa **San Diego Access and Crisis Line** para sa libre at kumpidensyal na suporta at tulong sa pag-navigate sa mga serbisyo, na available nang 24/7 sa mahigit 200 wika.

**Tumawag sa 9-8-8** para kumonekta sa pambansang **Suicide & Crisis Lifeline** na network ng mga call center para sa krisis.